

# Hanbuk ng Miyembro

Ang kailangan mong malaman tungkol sa iyong mga benepisyo

**Health Net** Pinagsamang Ebidensiya ng  
Pagsakop at

## **Health Net Dental**

Porma ng Pagsisiwalat

---

2019

Binabayaran Muna na Planong Pangkalusugan  
(Prepaid Health Plan, PHP) ng Los Angeles County



# Ibang mga wika at anyo

---

## Ibang mga wika

Makukuha mo itong Hanbuk ng Miyembro at ibang mga materyal ng plano nang libre sa ibang mga wika.

Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Ang tawag ay libre.

---

## Ibang mga anyo

Makukuha mo ang impormasyong ito nang libre sa ibang mga anyo, tulad ng Braille, malalaking letra at audio.

Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Ang tawag ay libre.

---

## Mga serbisyo ng interpreter

Para sa libreng interpreter, mga serbisyong pangwika at pangkultura at tulong na makukuha 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, o upang makuha ang hanbuk na ito sa ibang wika, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Ang tawag ay libre.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

**English**

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-800-977-7307 (TTY: 711).

**Español (Spanish)**

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-800-977-7307 (TTY: 711).

**Tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-800-977-7307 (TTY: 711).

**Tagalog (Tagalog –Filipino)**

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-800-977-7307 (TTY: 711).

**한국어 (Korean)**

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-800-977-7307 (TTY: 711)번으로 전화해 주십시오.

**繁體中文 (Chinese)**

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-800-977-7307 (TTY: 711)。

**Հայերեն (Armenian)**

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆՆԵՐ Եթե խոսում եք հայերեն, սպա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Զանգահարեք 1-800-977-7307 (TTY: 711):

**Русский (Russian)**

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-800-977-7307 (TTY: 711).

**فارسی (Farsi)**

توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با تماس بگیرید 1-800-977-7307 (TTY: 711)



Tawagan ang Mga Serbisiyong Pangmiyembro [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY 711 ). Narito kami Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

**日本語 (Japanese)**

注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。  
1-800-977-7307 (TTY: 711) まで、お電話にてご連絡ください。

**Hmoob (Hmong)**

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj.  
Hu rau 1-800-977-7307 (TTY: 711).

**ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)**

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ।  
1-800-977-7307 (TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

**عربية (Arabic)**

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم  
1-800-977-7307 (TTY: 711).

**हिंदी (Hindi)**

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं।  
1-800-977-7307 (TTY: 711) पर कॉल करें।

**ภาษาไทย (Thai)**

เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร  
1-800-977-7307 (TTY: 711).

**ខ្មែរ (Cambodian)**

ប្រយ័ត្ន: បើសិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, បសវ័ន្តមួយខ្លួនក៏អាចមានសំរាប់អ្នក។  
ចូរ ទូរស័ព្ទ 1-800-977-7307 (TTY: 711)។

**ພາສາລາວ (Lao)**

ໂປດຊາບ: ຖ້າວ່າ ທ່ານເວົ້າພາສາ ລາວ, ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາ, ໂດຍບໍ່ເສັຽຄ່າ, ແມ່ນມີພ້ອມ  
ໃຫ້ທ່ານ. ໂທ 1-800-977-7307 (TTY: 711).



# Paunawa ng Walang Diskriminasyon

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Ang [Health Net Dental](#) ay sumusunod sa pang-estado at pederal na mga batas sa mga karapatang sibil at hindi labag sa batas na nagdidiskrimina, nagbubukod sa mga tao, o nagtatrato sa kanila nang naiiba dahil sa seks, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, kinikilalang etnikong grupo, edad, kapansanan ng isipan, kapansanan ng katawan, kondisyong medikal, impormasyong henetiko, katayuang marital, kasarian kinikilalang kasarian, o oryentasyong sekswal.

Ang [Health Net Dental](#) ay nagkakaloob ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang tulungan silang makipag-ugnayan nang mahusay, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong interpreter ng senyas na wika
  - Mga nakasulat na impormasyon sa ibang mga anyo (braille, malalaking letra, audio, madaling makuhang mga elektronikong anyo, at ibang mga anyo)
- Mga mga libreng serbisyong pangwika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
  - Mga kuwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, kontakin ang **Health Net Dental** sa pagitan ng 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa **800-977-7307**. O, kung hindi ka mahusay na nakakarinig o nakakapagsalita, mangyaring tumawag sa **711**.

### **PAANO DAPAT MAGHARAP NG KARAINGAN**

Kung naniniwala ka na ang **Health Net Dental** ay nabigong magkaloob ng mga serbisyong ito o laba sa batas na nagdiskrimina sa ibang paraan batay sa seks, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, kinikilalang etnikong grupo, edad, kapansanan ng isipan, kapansanan ng katawan, kondisyong medikal, impormasyong henetiko, katayuang marital, kinikilalang kasarian, o oryentasyong sekswal, maaari kang magharap ng karaingan sa **Health Net**. Maaari kang magharap ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng sulat, nang personal o sa paraang elektronikal:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-uganayan sa Health Net sa pagitan ng araw na Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-977-7307. O, kung hindi ka mahusay na nakakarinig o nakakapagsalita, mangyaring tumawag sa 711.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Kumpletuhin ang isang porma ng reklamo o gumawa ng isang liham at ipadala ito sa:

Health Net  
Grievances and Appeals  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91499

- **Nang personal:** Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o ng Health Net at sabihin na gusto mong magharap ng karaingan.
- **Sa paraang elektronikal:** Bisitahin ang website ng Health Net sa [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com).

### **OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA**

Maaari ka ring magharap ng isang reklamong kaugnay ng mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health and Human Services), Opisina ng mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights), sa pamamagitan ng telepono, sa sulat, o sa paraang elektronikal:



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro **800-977-7307** (TTY **711**). Narito kami Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Paunawa ng walang-diskriminasyon

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita o nakakarinig, mangyaring tumawag sa **711 (Telecommunications Relay Service)**.
- Sa pamamagitan ng sulat: Kumpletuhin ang isang porma ng reklamo o magpadala ng isang liham sa:

**Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413**

Ang mga porma ng reklamo ay makukuha sa  
[http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- Sa paraang elektronikal: Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

## **OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S.**

Kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o seks, maaari ka ring magharap ng reklamong kaugnay ng mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. (U.S. Department of Health and Human Services), Opisina para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) sa pamamagitan ng telepono, sulat, o sa paraang elektronikal:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka mahusay na nakakapagsalita o nakakarinig, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng sulat: Kumpletuhin ang isang porma ng reklamo o magpadala ng isang liham sa:

**U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201**

Ang mga porma ng reklamo ay makukuha sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa paraang elektronikal: Bisitahin ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro **800-977-7307** (TTY **711**). Narito kami Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

# Tuloy kayo sa Health Net Dental!

Salamat sa pagsapi sa [Health Net Dental](#) (“Health Net” o sa “Plan”). Ang [Health Net](#) ay isang planong dental para sa mga taong may Medi-Cal. Kami ay nagtatrabahong kasama ng Estado ng California upang tulungan kang kumuha ng pangangalagang dental na kailangan mo.

---

## Hanbuk ng Miyembro

Itong Hanbuk ng Miyembro ay nagsasabi sa iyo ng tungkol sa iyong pagsakop sa ilalim ng [Health Net](#). Mangyaring basahin itong mabuti. Ito ay tutulong sa iyo na maintindihan at gamitin ang iyong mga benepisyo at serbisyo. Ito ay nagpapaliwanag din ng iyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang miyembro ng [Health Net](#).

Itong Hanbuk ng Miyembro ay tinatawag ding Ebidensiya ng Pagsakop (Evidence of Coverage, EOC). Ito ay isa lamang buod ng mga tuntunin at patakaran ng [Health Net](#). Kung gusto mong malaman ang mga eksaktong tadhana at kondisyon ng pagsakop, maaari kang humiling ng isang kopya ng kontrata mula sa Mga Serbisyong Pangmiyembro.

Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711))) upang humingi ng isang kopya ng kontrata. Maaari ka ring humingi ng isa pang kopya ng Hanbuk ng Miyembro nang wala kang babayaran o bisitahin ang aming website sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com) upang tingnan ang Hanbuk ng Miyembro.

---

## Kontakin kami

Narito kami upang tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.](#) Ang tawag ay libre.

Mabibisita mo rin kami online kahit kailan sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Maraming Salamat,

[Health Net Dental](#)  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91409



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711) ). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm.](#) Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).



---

# Talaan ng mga Nilalaman

## Talaan ng mga Nilalaman

<b>Ibang mga wika at anyo</b> .....	<b>2</b>
Ibang mga wika.....	2
Ibang mga anyo.....	2
Mga serbisyo ng interpreter.....	2
<b>Paunawa ng Walang Diskriminasyon</b> .....	<b>5</b>
<b>Tuloy kayo sa Health Net Dental!</b> .....	<b>8</b>
Hanbuk ng Miyembro.....	8
Kontakin kami.....	8
<b>Talaan ng mga Nilalaman</b> .....	<b>9</b>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro</b> .....	<b>12</b>
Paano kumuha ng tulong.....	12
Sino ang maaaring maging miyembro.....	12
Mga kard ng identipikasyon (ID).....	13
Mga paraan upang lumahok bilang isang miyembro.....	13
<b>2. Tungkol sa iyong planong dental</b> .....	<b>15</b>
Pangkalahatang-tanaw sa planong dental.....	15
Paano gumagana ang iyong planong dental.....	16
Pagpapalit ng mga planong dental.....	16
Pagpapatuloy ng pangangalaga.....	17
Mga gastos.....	18
<b>Mga gastos ng miyembro</b> .....	<b>18</b>
<b>Paano binabayaran ang isang dentista</b> .....	<b>18</b>
<b>Paghingi sa amin na bayaran ang isang singil</b> .....	<b>19</b>
<b>3. Paano kumuha ng pangangalagang dental</b> .....	<b>20</b>
Pagkuha ng mga serbisyong dental.....	20
<b>Pangkaraniwang pangangalagang dental</b> .....	<b>21</b>



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

<b>Apurahang pangangalaga .....</b>	<b>22</b>
<b>Pang-emerhensiyang pangangalagang dental .....</b>	<b>22</b>
Saan dapat kumuha ng pangangalagang dental.....	23
<b>Direktoryo ng Tagapagkaloob na Dental.....</b>	<b>23</b>
Network ng Tagapagkaloob na Dental .....	23
<b>Loob ng network .....</b>	<b>24</b>
<b>Labas ng network.....</b>	<b>24</b>
<b>Mga dentista .....</b>	<b>24</b>
Dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD).....	25
<b>Pagpili ng mga Dentista.....</b>	<b>25</b>
<b>Mga appointment at pagbisita.....</b>	<b>26</b>
<b>Pagbabayad .....</b>	<b>26</b>
<b>Mga Pagrekomenda .....</b>	<b>27</b>
<b>Nauunang pag-aproba .....</b>	<b>27</b>
<b>Mga ikalawang opinyon .....</b>	<b>28</b>
<b>Nasa Panahong Daan sa Pangangalaga .....</b>	<b>28</b>
<b>4. Mga benepisyo at serbisyo .....</b>	<b>29</b>
Ang sinasakop ng iyong planong dental.....	29
<b>Buod ng mga benepisyo.....</b>	<b>30</b>
<b>Dalas ng mga serbisyo .....</b>	<b>31</b>
<b>Mga karagdagang serbisyong pangangalagang dental sa bata.....</b>	<b>31</b>
<b>Di-Emerhensiyang Medikal na Transportasyon.....</b>	<b>32</b>
<b>Di-Medikal na Transportasyon .....</b>	<b>33</b>
Ang hindi sinasakop ng iyong planong dental .....	33
<b>Sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyong dental na ito, higit sa edad na 21: .....</b>	<b>34</b>
Pag-uugnay ng mga benepisyo .....	36
<b>5. Mga karapatan at responsibilidad .....</b>	<b>37</b>
Iyong mga karapatan .....	37
Iyong mga responsibilidad .....	38
Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado .....	38
Paunawa tungkol sa mga batas .....	39
Paunawa tungkol sa Medi-Cal bilang isang pinakahuling magsisilbing tagabayad .....	39



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](tel:800-977-7307). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Paunawa ng Hindi Pabor ng Pagpapasiya sa Benepisyo .....	39
<b>6. Pag-uulat at paglutas sa mga problema .....</b>	<b>40</b>
Mga reklamo .....	41
Mga apela .....	42
Mga Pagdinig ng Estado .....	43
Pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso .....	44
<b>7. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman .....</b>	<b>46</b>
Mahahalagang numero ng telepono .....	46
Mga salitang dapat malaman .....	46



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano kumuha ng tulong

Gusto naming maging masaya ka sa iyong pangangalagang dental. Kung mayroon kang mga tanong o inaalala tungkol sa pangangalaga sa iyo, gusto naming makarinig mula sa iyo!

## Mga Serbisyong Pangmiyembro

Ang Mga Serbisyong Pangmiyembro ng [Health Net](#) ay narito upang tulungan ka. Magagawa naming:

- Sumagot ng mga tanong tungkol sa iyong planong dental at mga sakop na serbisyo
- Tulungan kang pumili ng isang dentista ng pangunahing pangangalaga (primary care dentist, PCD)
- Sabihin sa iyo kung saan dapat kumuha ng pangangalagang kailangan mo
- Mag-alay ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nagsasalita ng Ingles
- Mag-alay ng impormasyon sa ibang mga wika at anyo

Kung kailangan mo ng tulong tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. Mabibisita mo rin kami online kahit kailan sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

## Sino ang maaaring maging miyembro

Ikaw ay kuwalipikado para sa [Health Net](#) dahil kuwalipikado ka para sa Medi-Cal at naninirahan sa [Los Angeles County](#). Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O bisitahin ang <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.


Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kuwalipikado para sa Medi-Cal sa iyong lokal na opisina sa mga serbisyong pantao ng county. Hanapin ang iyong lokal na opisina sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal> o tumawag sa 1-800-300-1506 (TTY) 888 889-4500 upang makontak ang Covered California.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Mga kard ng identipikasyon (ID)

Bilang isang miyembro ng **Health Net**, tatanggap ka ng isang kard ng ID sa planong dental. Dapat mong ipakita ang iyong kard ng ID sa planong dental at ang iyong Kard ng Identipikasyon para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal kapag kukuha ka ng anumang serbisyong dental. Dapat mong dalhin ang parehong kard sa lahat ng mga pagkakataon. Narito ang isang sampol na kard ng ID sa planong dental upang ipakita ang magiging anyo ng sa iyo:

 <p><b>Health Net</b><sup>®</sup></p> <p>(800) 977-7307 www.hndental.com</p> <p>NAME: <b>Subscriber Name (First Name Last Name)</b> ID#: <b>00000000-01</b> PLAN: <b>Plan Name</b> EFF: <b>01/01/2019</b> GRP#: <b>[000000]</b> <b>Group Name</b> PRV: <b>Dental Office Name</b> <b>Dental Office Address</b> <b>Dental Office City, ST Zip</b> <b>(000) 000-0000</b></p>	<p>If you have a dental emergency, you should first contact your Primary Care Dentist for an immediate appointment. If your Primary Care Dentist is not available, contact Health Net Dental Member Services for assistance. You can receive emergency dental care from any licensed dentist without prior authorization from Health Net Dental. Please refer to your Evidence of Coverage for specific emergency care coverage.</p> <p><b>Specialty service must be pre-authorized.</b> <b>Health Net Dental Member Services: (800) 977-7307</b> <b>Monday – Friday: 8:00 am – 5:00 pm</b> <b>California Relay Service (TTY)</b> <b>for the hearing impaired: (800) 735-2929</b></p> <p><b>This card does not guarantee eligibility.</b></p>
--	---

Kung hindi mo matanggap ang iyong kard ng ID sa planong dental sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng pagpapatala, o kung ang iyong kard ay napinsala, nawala o ninakaw, tawagan agad ang Mga Serbisyong Pangmiyembro. Padadalhan ka namin ng isang bagong kard. Tumawag sa **800-977-7307** (TTY **711**).

## Mga paraan upang lumahok bilang isang miyembro

Gusto ng **Health Net** na makarinig mula sa iyo. Bawat taon, mayroon kaming mga pulong upang pag-usapan ang tungkol sa kung ano ang mahusay na gumagana at paano kami makakapagpahusay. Ang mga miyembro ay iniimbitahang dumalo. Samahan kami at sabihin sa amin ang iniisip mo!

### Komite sa Pampublikong Patakaran ng Health Net

Kami ay may isang grupong tinatawag na **Komite sa Pampublikong Patakaran**. Ang grupong ito ay binubuo ng mga **miyembro, tagapagkaloob na dental, mga sumusuportang tauhan aming Direktor na Dental**. Ang grupo ay nagsasalita tungkol sa kung paano dapat pahusayin ang mga patakaran ng **Health Net** at responsable para sa:

- Pag-aalay ng mga ideya upang pahusayin ang pagkakaloob ng serbisyo sa aming mga miyembro
- Pagrepaso ng mga ulat ng kalidad, kabilang ang mga reklamo
- Pagmungkahi ng mga paraan upang pahusayin ang mga programa ng Plano



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa **800-977-7307** (TTY **711**). Narito kami **Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm**. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 1 | Pagsisimula bilang isang miyembro

- Pagrepaso ng mga ulat ng pananalapi

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

## 2. Tungkol sa iyong planong dental

---

### Pangkalahatang-tanaw sa planong dental

Ang [Health Net](#) ay isang planong dental para sa mga taong may Medi-Cal sa [Los Angeles County](#). Kami ay nagtatrabahong kasama ng estado ng California upang tulungan kang kumuha ng pangangalagang dental na kailangan mo.

Maaari kang makipag-usap sa isa sa aming mga Kinatawan ng Mga Serbisyong Pangmiyembro upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa planong dental at paano paganahin ito para sa iyo. Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

### Kailan magsisimula at matatapos ang pagsakop sa iyo

Kapag nagpatala ka sa Health Net, tatanggap ka ng isang kard ng ID ng Miyembro ng Health Net sa loob ng pitong araw ng kalendaryo pagkatapos magpatala. Mangyaring ipakita ang kard na ito tuwing bibisita ka sa dentista para sa anumang serbisyong nasa ilalim ng Health Net. Ang kard na ito ay katunayan na ikaw ay nakatala sa Health Net.

Dapat kang magpatingin sa dentistang nakalista sa iyong kard ng ID. Ang pangalan at numero ng telepono ng iyong Dentista ng Pangunahing Pangngalaga (Primary Care Dentist, PCD) ay nasa iyong kard ng ID. Kung hindi ka pumili ng isang Dentista noong magpatala, ang isang dentista ay itatalaga sa iyo. Makakatawag ka sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [877-550-2929](tel:877-550-2929)) kung gusto mong pumili ng ibang dentista.

Maaari mong hingin ang pagtatapos ng iyong pagsakop ng [Health Net](#) at piliin ang ibang planong dental kahit kailan.

Maaari mo ring hingin na tapusin ang iyong Medi-Cal. Dapat mong sundin ang mga pamamaraan ng DHCS kung hihingi kang tapusin ang pagsakop sa iyo.

Paminsan-minsan ang [Health Net](#) ay hindi na makakapaglingkod sa iyo. Dapat tapusin ng [Health Net](#) ang pagsakop sa iyo kung:

- Umalis ka sa bansa o nasa bilangguan.
- Wala ka nang Medi-Cal
- Humiling ka na alisin sa pagkakatala sa Plano
- Ikaw ay naging isang pangkomersiyong miyembro ng isang planong dental
- Pabigkas na minaltrato mo ang isang dentista o tauhan ng tanggapan
- [4Pisikal na inatake mo ang isang dentista o tauhan ng tanggapan
- Ipinagamit mo sa iba ang iyong mga benepisyong dental



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 2 | Tungkol sa iyong planong dental

Kung ikaw ay isang Katutubong Amerikano, hindi mo kailangang magpatala sa isang pinamamahalaan ng Medi-Cal na pangangalaga na planong dental. Kung nakatala ka na sa [Health Net](#), maaari kang umalis kahit kailan. Makakakuha ka rin ng pangangalagang dental sa isang Dibisyon ng Serbisyong Pangkalusugan sa Indiyon (Indian Health Service, IHS) ng lugar ng Dibisyon ng Kalusugan ng Bibig (Division of Oral Health, DOH).

---

### Paano gumagana ang iyong planong dental

Ang [Health Net](#) ay isang planong dental na nakakontrata sa DHCS. Ang [Health Net](#) ay isang pinamamahalaang pangangalaga na planong dental. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay isang mabisang-paggasta na paggamit ng mga tagatulong sa pangangalagang dental na nagpapahusay ng pagkuha ng pangangalagang dental at tumitiyak ng kalidad ng pangangalaga. Ang [Health Net](#) ay nagtatrabahong kasama ng mga dentista at ibang mga tagapagkaloob sa aming lugar ng serbisyo upang magkaloob ng pangangalagang dental sa iyo, ang aming miyembro.

Ang Mga Serbisyong Pangmiyembro ay magsasabi sa iyo kung paano gumagana ang [Health Net](#) at kung paano kumuha ng pangangalagang dental na kailangan mo. Ang Mga Serbisyong Pangmiyembro ay makakatulong sa iyo na:

- Humanap ng isang dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD)
- Magtakda ng isang appointment sa iyong PCD
- Kumuha ng bagong kard ng ID ng [Miyembro ng Health Net](#)
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa sakop at di-sakop na mga serbisyo
- Kumuha ng mga serbisyong transportasyon
- Maintindihan kung paano iulat at lutasin ang mga karaingan at apela
- Kumuha ng listahan ng mga dentista
- Humiling ng mga materyal ng miyembro
- Sagutin ang ibang mga tanong mo

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). O humanap ng impormasyon tungkol sa serbisyo sa miyembro online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

### Pagpapalit ng mga planong dental

Maaari kang umalis sa [Health Net](#) at sumama sa ibang planong dental kahit kailan. Tawagan ang Call Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077) upang pumili ng isang bagong plano. Makakatawag ka sa pagitan ng 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes, o bisitahin ang [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

Kailangan ng hanggang [45 araw ng kalendaryo](#) upang maproseso ang iyong kahilingan na umalis sa [Health Net](#). Upang malaman kung inaprobahan ng Health Care Options ang iyong kahilingan, tumawag sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).



## 2 | Tungkol sa iyong planong dental

Kung gusto mong umalis sa [Health Net](#) nang mas maaga, maaari kang humiling sa Health Care Options ng isang pinadali (mabilis) na pag-alis sa pagkakatala. Kung ang dahilan ng iyong kahilingan ay nakatutugon sa mga tuntunin para sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, tatanggap ka ng isang liham upang sabihin sa iyo na ikaw ay inalis na sa pagkakatala.

Maaari mong hilingin na umalis sa [Health Net](#) nang personal sa iyong lokal na opisina sa mga serbisyong pantao ng county. Hanapin ang iyong lokal na opisina sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal> o tumawag sa 1-800-300-1506 upang makontak ang Covered California. [Dapat mong ipagpatuloy ang pagpapatingin sa dentistang nakalista sa iyong kard ng ID hanggang tumanggap ka ng liham mula sa Health Care Options.](#)

### Pagpapatuloy ng pangangalaga

Kung nagpapatingin ka ngayon sa mga dentistang wals sa network ng [Health Net](#), maaaring magawa mong patuloy na magpatingin sa mga ito para sa hanggang 12 buwan. Kung ang iyong (mga) dentista ay hindi sumapi sa aming network bago matapos ang 12 buwan, kakailanganin mong lumipat sa isang dentistang nasa network ng [Health Net](#).

[May karapatan ka sa mga serbisyong dental sa pamamagitan ng \(mga\) dentistang wala sa network ng Health Net para sa mga partikular na benepisyong dental. Tumawag sa 800-977-7307 \(TTY 711\) upang makita kung kuwalipikado ka para sa serbisyong ito, o upang kumuha ng isang kopya ng patakaran sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga ng Health Net,](#)

#### ***Mga estudyante ng kolehiyo na lumipat sa isang bagong county***

Kung lumipat ka sa isang bagong county upang mag-aral sa kolehiyo, maaari ka pa ring kumuha ng mga serbisyo ng [Health Net](#), kahit hindi naglilingkod sa iyong bagong county ang [Health Net](#). O maaari kang kumuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng regular na Medi-Cal, kilala rin bilang Bayad-para-sa-Serbisyo (Fee-for-Service, FFS) na Medi-Cal. Ito ay tinatawag na pagpapatuloy ng pangangalaga. Ang [Health Net](#) ay nagkakaloob ng pagpapatuloy sa mga serbisyong pangangalaga para sa mga estudyante ng kolehiyo kung:

- Ito ay isang emerhensiya

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagpapatuloy ng mga serbisyong pangangalaga, tumawag sa <800-977-7307> (TTY <711>).

#### ***Mga dentistang umalis sa [Health Net](#)***

Kung ang iyong dentista ay tumigil sa pagtatrabaho sa [Health Net](#), maaari kang patuloy na makagawa ng mga serbisyo mula sa dentistang iyon. Ito ay isang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Ang [Health Net](#) ay nagkakaloob ng pagpapatuloy ng mga serbisyong pangangalaga para sa:

- Mga serbisyong hindi pa natatapos ng dentista bago umalis sa Health Net



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa <800-977-7307> (TTY <711>). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 2 | Tungkol sa iyong planong dental

- Mga serbisyong hindi pa natatapos ng isang labas ng network na dentista noong maging aktibo ka sa Health Net

Ang **Health Net** ay nagkakaloob ng pagpapatuloy ng mga serbisyong pangangalaga kung ang mga sumusunod na tadhana ay natugunan:

- Ang mga serbisyo ay sakop sa ilalim ng iyong planong dental
- Ang mga serbisyo ay dental na kailangan
- Ang mga serbisyo ay nakatutugon sa aming mga patnubay na pangklinika
- Wala kang daan sa isang tagapagkaloob na dental ng Health Net

Ang **Health Net** ay **hindi** nagkakaloob ng pagpapatuloy ng pangangalaga na mga serbisyo kung ang mga sumusunod ana tadhana ay natugunan:

- Ang mga serbisyo ay **hindi** sakop sa ilalim ng iyong planong dental
- Ang mga serbisyo ay **hindi** dental na kailangan
- Ang mga serbisyo ay **hindi** nakatutugon sa mga patuntunang pangklinika
- Wala kang daan sa isang tagapagkaloob na dental ng Health Net

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagpapatuloy ng mga serbisyong pangangalaga, [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

---

## Mga gastos

### Mga gastos ng miyembro

Ang **Health Net** ay naglilingkod sa mga taong kuwalipikado para sa Medi-Cal. Ang mga miyembro ng **Health Net** ay **hindi** kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo. Hindi ka magkakaroon ng mga premium, co-pay o deductible.

Maaaring kailanganin mong magbayad ng isang bahagi ng iyong mga gastos sa pangangalagang dental bawat buwan bago magkabisa ang mga benepisyo. Ito ay tinatawag na kabahagi sa gastos. Ang halaga ng iyong kabahagi sa gastos ay depende sa iyong kita at mga kakayahan. Para sa mga tanong tungkol sa kabahagi sa gastos, kontakin ang iyong lokal na opisina sa mga serbisyong pantao ng county. Hanapin ang iyong lokal na opisina sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal>.

### Paano binabayaran ang isang dentista

Ang **Health Net** ay nagbabayad sa mga dentista sa mga sumusunod na paraan:

- Mga pagbabayad na capitation
  - Ang **Health Net** ay nagbabayad sa ilang dentista ng isang nakatakdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat miyembro ng **Health Net**. Ito ay tinatawag ng isang pagbabayad na capitation. Ang Health Net at mga dentista ay nagtatrabahong magkakasama upang ipasiya ang halaga ng bayad.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami **Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm**. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 2 | Tungkol sa iyong planong dental

- Bayad-para-sa-serbisyo na mga pagbabayad
  - Ang ilang dentista ay nagbibigay ng pangangalagang dental sa mga miyembro ng [Health Net](#) at saka ipinadadala sa [Health Net](#) ang isang singil para sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng mga ito Ito ay tinatawag ng isang bayad-para-sa-serbisyo na pagbabayad. Ang [Health Net](#) at mga dentista ay nagtatrabahong magkakasama upang ipasiya kung magkano ang mga halaga ng bawat serbisyo.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa kung paano nagbabayad ang [Health Net](#) sa mga dentista, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

### Paghingi sa amin na bayaran ang isang singil

Kung tumanggap ka ng isang singil para sa isang sakop na serbisyo, tawagan agad ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Kung nagbabayad ka para sa isang serbisyo na sa palagay mo ay dapat sakupin ng [Health Net](#), magharap ng claim sa amin. Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)) upang humingi ng isang porma para sa claim, o para sa tulong sa pagharap ng isang claim. Gumamit ng isang porma ng claim at sabihin sa amin sa pamamagitan ng sulat kung bakit kinailangan mong magbayad.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

# 3. Paano kumuha ng pangangalagang dental

---

## Pagkuha ng mga serbisyong dental

### **MANGYARING BASAHIN ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN MO KUNG SAAN O SA ANONG GRUPO NG MGA TAGAPAGKALOOB MAAARING MAKUHA ANG PANGANGALAGANG DENTAL.**

Magagawa mong simulan ang pagkuha ng mga serbisyong pangangalagang dental sa petsa ng pagkakabisa ng pagsakop sa iyo. Laging Dalhin ang iyong kard ng ID sa planong dental at kard ng BIC ng Medi-Cal. Huwag hayaang gamitin ng iba ang iyong kard ng ID o kard ng BIC. Ang mga dentista ay tinatawag ding mga tagapagkaloob na dental.

Ang mga bagong miyembro ay dapat pumili ng isang dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD) sa aming network. Ang network ng [Health Net](#) ay isang grupo ng mga dentista na nagtatrabahong sa amin. Dapat kang pumili ng isang PCD sa loob ng 30 araw mula sa panahon na naging miyembro ka ng [Health Net](#). Kung hindi ka pumili ng isang PCD, pipili kami para sa iyo.

Maaari mong piliin ang iisang PCD o magkakaibang PCD para sa lahat ng mga miyembro ng pamilya.

Kung ikaw ay may isang dentistang gusto mong panatilihin, o gusto mong humanap ng isang bagong PCD, maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental. Ito ay may listahan ng lahat ng mga PCD sa aming network ng plano. Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental ay may ibang impormasyon upang tulungan ka na pumili. Kung kailangan mo ng isang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Matatagpuan mo rin ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental sa aming website sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Kung hindi mo makuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa isang kalahok na tagapagkaloob na dental sa aming network, ang iyong PCD ay dapat humingi ng pag-aproba sa [Health Net](#) upang ipadala sa iyo ang isang labas-ng-network na tagapagkaloob.

Basahin ang iba pang bahagi ng kabanatang ito upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga PCD, sa aming Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental at aming network ng tagapagkaloob na dental.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Kapag tatawag ka para sa isang appointment sa iyong PCD, sabihin sa taong sasagot sa telepono na ikaw ay isang miyembro ng [Health Net](#). Ibigay ang iyong numero ng ID sa planong dental.

Upang makuha ang pinakamarami mula sa iyong pagbisitang dental:

- Dalhin ang iyong kard ng identipikasyon para sa Medi-Cal (BIC)
- Dalhin ang iyong ID para sa planong dental.
- Dalhin ang iyong balidong kard ng ID sa California o lisensiya sa pagmamaneho
- Alamin ang iyong Numero ng Social Security
- Dalhin ang iyong listahan ng mga gamot
- Maging handang makipag-usap sa iyong PCD tungkol sa anumang mga problemang dental na napansin mo para sa sarili o sa iyong mga anak.

Tiyakin na tawagan ang tanggapan ng iyong PCD kung mahuhuli ka o hindi makapupunta sa iyong appointment.

### **Pangkaraniwang pangangalagang dental**

Ang kalusugan ng bibig ay isang mahalagang bahagi ng kabuuang kalusugan at kapakanan. Ang programang Medi-Cal Dental ay nagrekomenda na magsimula ang mga bata na magpatingin sa isang dentista kapag nagkaroon ng unang ngipin o bago ang kanilang unang kaarawan. Ang pangkaraniwang pangangalaga ay isang palagiang pangangalagang dental. Ang [Health Net](#) ay sumasakop sa pangkaraniwang pangangalaga mula sa iyong PCD. Ang ilang serbisyo ay maaaring irekomenda sa mga dentista na mga espesyalista, at ang ilang serbisyo ay maaaring mangailangan ng nauunang pag-aproba (nauunang awtorisasyon). Ang lahat ng serbisyong dental ay dapat makatugon sa mga iniaatas ng programang Medi-Cal Dental upang masakop.

Ang mga serbisyong dental na maaaring sakupin para sa mga bata ay:

- Mga pagsusuri at x-ray
- Mga paglilinis
- Mga paggamot ng fluoride
- Mga sealant
- Mga pasta
- Mga crown
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga root canal
- Mga brace
- Mga kasangkapan upang palitan ang mga nawalang ngipin



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalagang dental

Ang mga serbisyong dental na maaaring sakupin para sa mga nasa hustong gulang ay:

- Mga pagsusuri at x-ray
- Mga paglilinis
- Mga malalim na paglilinis (scaling at root planing)
- Mga paggamot ng fluoride
- Mga pasta
- Naproseso sa laboratoryo na mga crown
- Mga anterior root canal (mga pangharap na ngipin)
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga prefabricated crown
- Mga buo at di-buong pustiso
- Ibang medikal na kailangan na mga serbisyong dental

Para sa isang buong listahan ng mga serbisyong dental sa bata at nasa hustong gulang, basahin ang Kabanata 4 sa hanbuk na ito.

#### Apurahang pangangalaga

Ang [Health Net](#) ay sumasakop sa pang-emerhensiyang pangangalagang dental. Kung kailangan mo kaagad ng isang dentista pero ito ay hindi isang emerhensiya, ang mga appointment para sa apurahang pangangalaga ay makukuha sa loob n 72 oras.

Sa mga pangkaraniwang oras ng tanggapanang dental, maaari mong tawagan ang iyong dentista para sa tulong. Kung lampas na ng mga oras ng tanggapan, subukang tawagan muna ang iyong dentista. Kung hindi mo makontak ang iyong dentista, tawagan ang [Health Net](#) anumang oras sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)) para sa tulong.

#### Pang-emerhensiyang pangangalagang dental

Ang [Health Net](#) ay sumasakop sa pang-emerhensiyang pangangalagang dental. Ang emerhensiyang dental ay maaaring isang pananakit, pagdurugo, o pamamaga na maaaring magdulot ng pinsala kung hindi mareremedyuhan agad. Makakakuha ka ng pang-emerhensiyang pangangalagang dental 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Hindi mo kailangan ng pag-aproba mula sa [Health Net](#) upang kumuha ng pang-emerhensiyang pangangalaga.

Sa mga pangkaraniwang oras ng tanggapan, maaari mong tawagan ang iyong dentista para sa tulong. Kung lampas na ang mga oras ng tanggapan, subukang tawagan muna ang iyong dentista. Kung hindi mo makontak ang iyong dentista, tawagan ang [Health Net](#) anumang oras sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)) para sa tulong.

Tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung ikaw ay wala sa bahay,



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalagang dental

makakahanap ka ng dentista na malapit sa iyo upang kumuha ng pang-emerhensiyang pangangalaga. Ang mga dentistang hindi kinontrata ng Health Net ay maaaring sumingil sa iyo para sa pang-emerhensiyang pangangalaga. Kung nagbayad ka para sa pang-emerhensiyang pangangalaga, babayaran ka namin

Para sa mga medikal na emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na silid ng emerhensiya.

Kung kailangan mo ng tulong tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 p.m.](#) Ang tawag ay libre.

## Saan dapat kumuha ng pangangalagang dental

Makukuma mo ang karamihan ng iyong pangangalaga mua sa iyong PCD. Ang iyong PCD ay magbibigay sa iyo ng karamihan ng iyong pangkaraniwang pangangalagang dental. Ang iyong PCD ay magrekomenda (magpapadala) sa iyo sa mga espesyalista kung kailangan mo ang mga ito.

### Direktoryo ng Tagapagkaloob na Dental

Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental ng [Health Net](#) ay naglilista ng mga tagapagkaloob na kalahok sa network ng [Health Net](#). Ang network ay ang grupo ng mga tagapagkaloob na nagtatrabaho sa [Health Net](#).

Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental ng [Health Net](#) ay naglilista ng mga dentista, mga espesyalistang dentista, [Pederal na Kuwalipikadong mga Sentrong Pangkalusugan \(Federally Qualified Health Centers, FQHCs\)](#), [Mga Sentrong Pangkalusugan ng Indiyang \(Indian Health Centers, IHC\)](#) at mga [Klinikang Pangkalusugan ng Katutubong Amerikano](#).

Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental ay may mga pangalan, address, numero ng telepono, mga oras ng trabaho at mga wikang sinasalita. Ito ay nagsasabi sa iyo kung ang tagapagkaloob ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Ito ay nagbibigay sa iyo ng antas ng kadaliang puntahan ang gusali.

Mahamanap mo ang online na Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Kung kailangan mo ng isang nakalimbag na Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

---

## Network ng Tagapagkaloob na Dental

Ang network ng tagapagkaloob na dental ay ang grupo ng mga dentista at mga espesyalistang dentista na nagtatrabaho sa [Health Net](#). Tatanggapin mo ang iyong mga sakop na serbisyo sa pamamagitan ng aming network.



Tawagan ang Mga Serbisyon Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

#### Loob ng network

Gagamitin mo ang mga dentista sa network ng [Health Net](#) para sa iyong mga pangangailangan ng pangangalagang dental. Tatanggap ka ng panghadlang at pangkaraniwang pangangalaga mula sa iyong PCD. Gagamit ka rin ng mga espesyalista at ibang mga tagapagkaloob sa aming network.

Upang kumuha ng isang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). O mahahanap mo ang aming Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com)

Para sa apurahan o pang-emerhensiyang pangangalagang dental, tawagan ang iyong PCD. Kung gusto mo ng tulong upang magtakda ng isang appointment, o wala sa iyong lugar ng tahanan, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Para sa medikal na pang-emerhensiyang pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na silid ng emerhensiya.

#### Labas ng network

Ang labas-ng-network na mga tagapagkaloob ay ang walang pakikipagkasundong magtrabaho sa [Health Net](#). Maliban sa apurahan o pang-emerhensiyang pangangalaga, maaaring kailangan mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga tagapagkaloob na nasa labas ng network. Kung kailangan mo ng sakop na mga serbisyong pangangalagang dental, maaari kang makakuha ng mga ito sa labas ng network nang wala kang babayaran sa kondisyon na ang mga ito ay medikal na kailangan at hindi makukuha sa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa labas-ng-network na mga serbisyo, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Kung ikaw ay nasa labas ng aming lugar ng serbisyo at kailangan ng pangangalaga na **hindi** isang emerhensiya, tawagan agad ang iyong PCD. O tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Kung may mga tanong ka tungkol sa labas-ng-network o labas-ng-lugar na pangangalaga, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

#### Mga dentista

Pipili ka ng isang Dentista ng Pangunahing Pangangalaga (PCD) mula sa Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental ng the [Health Net](#). Ang iyong PCD ay dapat na isang kalahok na dentista. Ito ay nangangahulugang ang dentista ay nasa aming network. Upang kumuha ng kopya ng aming Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Dapat ka ring tumawag kung gusto mong makasiguro na ang PCD na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung nagpatingin ka sa isang dentista para sa mga partikular na kondisyon bago ka naging miyembro ng [Health Net](#), maaaring magawa mong patuloy na magpatingin sa dentistang iyon. Ito ay tinatawag na pagpapatuloy ng pangangalaga. Mababasa mo ang



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).



### 3 | Paano kumuha ng pangangalagang dental

iba pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga [sa pahina 17](#) ng hanbuk na ito. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

---

## Dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD)

Ang mga bagong miyembro ay dapat pumili ng isang PCD sa loob ng 30 araw ng pagpapatula sa [Health Net](#). Maaari kang pumili ng isang pangkalahatang dentista bilang iyong PCD.

Maaari mong piliin ang isang Pederal na Kuwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC), klinikang pangkomunidad, Klinikang Pangkalusugan ng Katutubong Amerikano o ibang pasilidad ng pangunahing pangangalaga na may mga serbisyong dental bilang iyong PCD kung ang mga ito ay nasa network ng [Health Net](#) at kung ikaw ay kuwalipikado para sa mga serbisyo ng mga ito. Ang mga sentrong ito ay nasa mga lugar na hindi marami ang makukuhang mga serbisyong pangangalagang dental.

Maaari kang pumili ng kapareho o ibang PCD para sa lahat sa iyong pamiya na miyembro ng [Health Net](#).

Kung hindi ka pumili ng isang PCD sa loob ng 30 araw, ang isang dentistang nagtatrabaho sa [Health Net](#) ay pipiliin para sa iyo.

Ang iyong PCD ay:

- Alam ng iyong mga pangangalagang dental
- Magpapanatili ng iyong mga rekord na dental
- Magbibigay sa iyo ng panghadlang at pangkaraniwang pangangalagang dental na kailangan mo
- Magrererekomenda (magpapadala) sa iyo sa isang espesyalista kung kailangan mo nito

Maaari mong tingnan ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental upang mahanap ang isang PCD sa network ng [Health Net](#). Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental ay may listahan ng mga FQHC na nagtatrabaho sa [Health Net](#).

Mahanap mo ang Direktoryo ng Tagapagkaloob na dental online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com). O tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Makatatawag ka rin upang malaman kung ang PCD na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

## Pagpili ng mga Dentista

Ikaw ang pinakamahasay na nakakaalam ng iyong mga pangangailangan ng pangangalagang dental, kaya pinakamabuting ikaw ang pumili ng iyong PCD.

Pinakamabuting manatili sa isang PCD upang malaman niya ang iyong mga pangangailangan ng pangangalagang dental. Gayunman, kung gusto mong palitan ang iyong PCD, maaari kang magpalit nang isang beses sa bawat buwan. Dapat kang pumili ng isang PCD na nasa network ng tagapagkaloob na dental ng [Health Net](#) at tumatanggap



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

ng mga bagong pasyente.

Ang iyong bagong pinili ay magiging iyong PCD sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong gawin ang pagpapalit.

Upang palitan ang iyong PCD, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Maaaring papalitan sa iyo ang iyong PCD kung ang PCD ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis na sa aming network, o hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng may edad na katulad ng sa iyo. Ang [Health Net](#) o ang iyong PCD ay maaari ring magsabi sa iyo na palitan ang isang PCD kung hindi hindi mo makasundo ang iyong PCD, o kung hindi ka nakakarating o nahuhuli sa mga appointment. Kung kailangan naming palitan ang iyong PCD, sasabihin namin sa iyo sa sulat.

Kung magpapalit ka ng PCD, tatanggap ka sa koreo ng isang bagong kard ng ID ng miyembro sa planong dental. Ito ay magtataglay ng pangalan ng iyong bagong PCD. Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng isang bagong kard ng ID.

## Mga appointment at pagbisita

Kapag kailangan mo ng pangangalagang dental:

- Tawagan ang iyong PCD
- Ihanda ang iyong numero ng ID ng [Miyembro ng Health Net](#) sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensahe na kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin sa iyong appointment ang iyong kard ng BIC at ID sa planong dental
- Magdala ng kard ng identipikasyon o lisensiya sa pagmamaneho
- Dumating sa oras ng iyong appointment
- Tumawag agad kung hindi ka aabot o mahuhuli sa iyong appointment
- Ihanda ang iyong mga tanong kung sakaling kailanganin mo ang mga ito

## Pagbabayad

**Hindi** mo kailangang magbayad ng mga deductible o mga co-pay para sa mga sakop na serbisyo. Hindi ka tatanggap ng singil mula sa isang dentista. Maaari kang tumanggap ng isang Paliwanag ng mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o isang pahayag mula sa isang dentista. Ang mga EOB at mga pahayag ay hindi mga singil.

Kung tumanggap ka ng singil, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Sabihin sa amin ang halagang siningil, ang petsa ng serbisyo at dahilan para sa singil.

Kung tumanggap ka ng singil o pinagbabayad ng isang co-pay, maaari ka ring magharap ng isang porma ng claim. Kakailanganin mong sabihin sa amin sa sulat kung bakit kinailangan mong magbayad para sa aytem o serbisyo. Susuriin namin ang iyong claim at pagpapasiyahan kung mababawi mo ang pera. Para sa mga tanong o upang humingi ng isang porma ng claim, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Mga Pagrekomenda

Ang iyong PCD ay magbibigay sa iyo ng pagrekomenda upang ipadala ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito. Ang isang espesyalista ay isang dentistang may karagdagang edukasyon sa isang lugar ng dentistriya. Ang iyong PCD ay magtatrabahong kasama mo upang pumili ng isang espesyalista. Ang tanggapan iyong PCD ay makatutulong sa iyo na magtakda ng panahon upang magpatingin sa isang espesyalista.

Ang iyong PCD ay maaaring magbigay sa iyo ng isang pormang dadalhin sa espesyalistang dentista. Kukumpletuhin ng espesyalista ang porma at ipadadala pabalik sa iyong PCD.

Upang gusto mo ng kopya ng aming patakarang sa pagrekomenda, tumawag sa 800-977-7307 (TTY 711).

Hindi mo kailangan ng pagrekomenda para sa:

- Mga pagbisita ng PCD
- Apurahan o pang-emerhensiyang pangangalaga

## Nauunang pag-aproba

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCD o espesyalista na magtanong sa amin bago mo makuha ang pangangalaga. Ito ay tinatawag na nauunang awtorisasyon o nauunang pag-aproba. Ito ay nangangahulugang ang [Health Net](#) ay sumasang-ayon na ang pangangalaga ay medikal na kailangan.

Ang pangangalaga ay medikal na kailangan kung ito ay upang patigilin at tanggalin ang sakit na orofacial, impeksyon, at pananakit, upang ibalik ang anyo at pagganap ng dentition, o upang itama ang pagkasira ng pigura ng mukha o maling pagganap. Ang mga serbisyong dental ay dapat makatugon sa mga tuntunin ng programang Medi-Cal para sa pagiging medikal na kailangan.

Ang mga serbisyong dental na ito ay nangangailangan ng nauunang pag-aproba, kahit na ginagawa ang mga ito ng isang dentistang nasa network ng [Health Net](#) :

- Mga root canal
- Mga crown
- Mga buong pustiso
- Mga relin ng pustiso
- Mga malalim na paglilinis (scaling at root planing)
- Pangkalahatang Pampamanhid at IV sedation

Ang ibang mga serbisyong dental na inirerekomenda ng iyong dentista ay maaaring mangailangan din ng nauunang pag-aproba.

Para sa ilang serbisyo, tulad ng pangangalaga mula sa isang espesyalista, kailangan mo ng nauunang pag-aproba kung kinukuha mo ang pangangalaga mula sa labas ng network.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalagang dental

Magpapasiya kami sa loob ng 5 araw ng trabaho, para sa pangkaraniwang serbisyo, o 72 oras para sa apurahang pangangalaga.

Sinusuri namin ang kahilingan upang pagpasiyahan kung ang pangangalaga ay medikal na kailangan at sakop. Kami ay **hindi** nagbabayad sa aming mga tagasuri upang ipagkait ang pagsakop o mga serbisyong dental. Kung hindi namin aprobahan ang pangangalaga, sasabihin namin sa iyo kung bakit.

Kokontakin ka ng [Health Net](#) kung kailangan mo ng impormasyon o karagdagang panahon upang suriin ang iyong kahilingan.

#### Mga ikalawang opinyon

Maaaring gustuhin mo ng ikalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sinasabing kailangan ng iyong PCD, o tungkol sa pagsusuri sa iyo o plano sa paggamot. Halimbawa, maaaring gustuhin mo ng ikalawang opinyon kung hindi ka sigurado na kailangan mo ng isang paggamot o pag-opera.

Upang kumuha ng ikalawang opinyon, tawagan ang iyong PCD. Maaari kang irekomenda ng iyong PCD sa isang tagapagkaloob na kasama sa network para sa isang ikalawang opinyon. O tumawag sa 800-977-7307 (TTY 711).

Magbabayad kami para sa isang ikalawang opinyon kung ito ay hihingin mo o ng iyong dentistang kasama sa network at kukuha ka ng ikalawang opinyon mula sa isang dentistang kasama sa network. Hindi mo kailangan ng permiso mula sa ain upang kumuha ng ikalawang opinyon kung ang dentistang pinili mo para sa ikalawang opinyon ay inaprobahan. Kung kailangan mo ng apurahang kahilingan, pagpapasiyahan namin ito sa loob ng 72 oras.

Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](#) (TTY [711](#)).

Kung tanggihan namin ang iyong kahilingan para sa isang ikalawang opinyon, maaari kang umapela. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga apela, pumunta sa [pahina 53](#) sa hanbuk na ito.

#### Nasa Panahong Daan sa Pangangalaga

Ang [Health Net](#) ay dapat magkaloob ng mga appointment sa loob ng mga sumusunod na takdang panahon:

- Ang mga pangkaraniwang appointment (kabilang ang mga panghadlang na pangangalaga) – 4 na linggo
- Mga appointment sa espesyalista – 30 araw ng trabaho (nasa edad na 21+); 30 araw ng kalendaryo (mas mababa sa edad na 21)
- Mga appointment sa apurahang pangangalaga – 72 oras
- Pang-emerhensiyang pangangalaga – Dapat makuha 24 na oras, 7 araw kada linggo



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](#) (TTY [711](#)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

# 4. Mga benepisyo at serbisyo

---

## Ang sinasakop ng iyong planong dental

Sa seksyong ito, ipinaliliwanag namin ang lahat ng iyong mga sakop na serbisyo bilang isang miyembro ng [Health Net](#). Ang iyong mga sakop na serbisyo ay libre kung ang mga ito ay medikal na kailangan. Ang pangangalaga ay medikal na kailangan kung ito ay upang patigilin at tanggalin ang orofacial na sakit, impeksyon, at pananakit, upang ibalik ang anyo at pagganap ng dentition, at upang itama ang pagkasira ng pigura ng mukha o maling pagganap.

Kami ay nag-aalay ng mga ganitong uri ng mga serbisyong dental:

Uri ng Serbisyo	Mga halimbawa
• Diyagnostiko	Mga pagsusuri, x-ray
• Panghadlang	Mga paglilinis, paggamot ng fluoride, sealant
• Pagpapanumbalik	Mga pasta, crown
• Endodontic	Mga pulpotomy, root canal
• Periodontal	Pag-opera ng gilagid
• Natatangal na Prosthodontics	Kaagad at kumpletong mga pustiso, mga reline
• Pambibig at Maxillofacial na pag-opera	Mga Pagbunot
• Mga Orthontice	Mga brace
• Mga Adjunctive	Sedation, pangkalahatang pampamanhid

Basahin ang buod ng mga benepisyo at bawat isa ng mga seksyon sa ibaba upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga eksaktong serbisyo na makukuha mo.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Buod ng mga benepisyong dental

Nasa ibaba ang isang buod ng mga benepisyong dental para sa mga nasa hustong gulang at bata:

✓ Benepisyong dental      ✗ Hindi benepisyong dental

Pamamaraan	Buong Saklaw	Limitadong Saklaw	Kaugnay ng Pagbubuntis	Naninirahan sa isang Pasilidad (SNF/ICF)
Pagtaya ng Bibig (Mas mababa sa edad na 3)	✓	✗	✗	✓
Unang Pagsusuri (Edad 3+)	✓	✗	✓	✓
Pana-panahong Pagsusuri (Edad 3+)	✓	✗	✓	✓
Mga Regular na Paglilinis	✓	✗	✓	✓
Fluoride	✓	✗	✓	✓
Mga Nagpapanumbalik na Serbisyo - Mga Pasta/Crown	✓	✗	✓	✓
Mga crown*	✓	✗	✓	✓
Scaling at Root Planing (malalim na paglilinis)**)	✓	✗	✓	✓
Periodontal na Pagpapanatili (mga giligid)	✗	✗	✗	✓
Mga root canal sa mga pangharap na ngipin (sa harap)	✓	✗	✓	✓
Mga Panghulihang Root Canal (sa likod)	✓	✗	✓	✓
Mga Di-buong Pustiso	✓	✗	✓	✓
Mga Buong Pustiso	✓	✗	✓	✓
Mga Pagbunot/Pambibig at Maxillofacial na Pag-opera	✓	✓	✓	✓
Mga Pang-emerhensiyang Serbisyo	✓	✓	✓	✓

### Mga Eksepsiyon:

- \*1. Hindi isang benepisyong dental sa mas mababa sa edad na 13
- 2. Higit sa edad na 21, ipinahihintulot sa ilalim ng mga natatanging kalagayan para sa panlikod na ngipin.
- \* Hindi isang benepisyong dental sa wala pa sa edad na 13 ipinahihintulot sa ilalim ng mga natatanging kalagayan.



Tawagan ang Mga Serbisyon Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY 711). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Dalas ng mga serbisyo

Ang mga serbisyong dental ay sakop kung medikal na kailangan. Gayunman, para sa ilang serbisyo, may mga limitasyon sa kung ilang beses ka maaaring tumanggap ng serbisyo sa loob ng isang tinukoy na panahon. Nasa ibaba ang mga karaniwang serbisyo na may mga limitasyon:

- Mga Pagsusuri – Bawat 5 na buwan (mas mababa sa edad na 21); Bawat 12 buwan (nasa edad na 21+)
- Bite-wing na mga x-ray – Bawat 6 na buwan
- Buong bibig na mga x-ray – Bawat 36 na buwan
- Panoramic na mga x-ray – Bawat 36 na buwan
- Paglilinis ng ngipin – Bawat 6 na buwan (mas mababa sa edad na 21); Bawat 12 buwan (nasa edad na 21+)
- Topical fluoride – Bawat 6 na buwan (mas mababa sa edad na 21); Bawat 12 buwan (nasa edad na 21+)
- Mga dental sealant – Bawat 36 na buwan (mas mababa sa edad na 21 lamang)
- Mga pasta – Bawat 12 buwan (kada ngipin ng beybi); Bawat 36 na buwan (kada permanenteng ngipin)
- Mga crown – Bawat 5 taon (edad 13+)
- Malalim na paglilinis (scaling/root planing) – Bawat 24 na buwan kada quadrant (edad 13+)
- Mga buo at di-buong pustiso – Bawat 5 taon
- Pagkumpuni ng pustiso at mga reline – Dalawang beses kada taon

## Mga karagdagang serbisyong pangangalagang dental sa bata

### ***Mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT)***

Sinasakop namin ang mga serbisyong EPSDT. Kabilang sa mga serbisyong EPSDT ang lahat ng serbisyong sakop ng Denti-Cal. Kung ikaw ay wala pang 21, maaari kang tumanggap ng mga karagdagang serbisyo na hindi sakop ng Denti-Cal kung ang mga ito ay medikal na kailangan. Ang mga serbisyong ito ay bilang karagdagan sa mga regular na benepisyo ng Denti-Cal.

Kung kailangan mo ng isa sa mga karagdagang serbisyong ito, ang iyong dentista ay magtatanong sa amin. Lahat ng mga kahilingan ay ipinadadala sa [Health Net](#) para sa pag-aproba.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng EPSDT, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY 711).



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY 711). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Di-Emerhensiyang Medikal na Transportasyon

Ikaw ay karapat-dapat gumamit ng Di-Emerhensiyang Medikal na Transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT) kapag ikaw ay pisikal o medikal na walang kakayahang makarating sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, tren, o taksi, at ang plano ay nagbabayad para sa iyong kondisyong dental.

Ang NEMT ay isang amblansiya, litter van, wheelchair van o paghahatid na panghimpapawid. Ang NEMT ay hindi isang kotse, bus o taksi. Ang [Health Net](#) ay nagpapahintulot ng pinakamababang gastos na NEMT para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan patungo sa iyong appointment. Iyon ay nangangahulugan, halimbawa, na kung ikaw ay pisikal o medikal na may kakayahang ihatid sa pamamagitan ng isang wheelchair van, ang [Health Net](#) ay hindi magbabayad para sa isang ambulansiya. Ikaw ay karapat-dapat lamang para sa transportasyong panghimpapawid kung ang iyong medikal na kondisyon ay ginagawang imposible ang anumang anyo ng transportasyon sa lupa.

Ang NEMT ay dapat gamitin kapag:

- Pisikal o medikal na kailangan gaya ng ipinasiya ng isang nakasulat na tagubilin ng isang doktor; o
- Hindi mo kayang pisikal o medikal na gumamit ng isang bus, taksi, kotse o van upang makarating sa iyong appointment;
- Naunang inaprobahan ng [Health Net](#) na may isang nakasulat na tagubilin ng isang doktor.

Upang humingi ng NEMT, mangyaring tawagan ang [Health Net](#) sa [877-550-3868](tel:877-550-3868) hindi kukulangin sa **10** araw ng trabaho (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa apurahang appointment, mangyaring tumawag sa pinakamaagang panahon na magagawa. Mangyaring ihanda ang iyong kard ng ID ng miyembro kapag tatawag ka.

### ***Mga Limitasyon ng NEMT***

Walang mga limitasyon para sa pagtanggap ng NEMT sa o mula sa mga appointment na dental na sakop sa ilalim ng [Health Net](#) kapag ang isang tagapagkaloob ay nagtagubilin nito para sa iyo.

### ***Ano ang Hindi Angkop?***

Ang iyong pisikal at medikal na kondisyon ay nagpapahintulot sa iyo na makarating sa iyong appointment na medikal sa pamamagitan ng kotse, bus, taksi, o ibang madaling makuhang mga paraan ng transportasyon. Ang transportasyon ay hindi ipagkakaloob kung ang serbisyo ay hindi sakop ng [Health Net](#). Ang isang listahan ng mga sakop na serbisyo ay nasa loob nitong hanbuk ng miyembro.

### ***Gastos ng Miyembro***

Walang gastosos kapag ang transportasyon ay ipinahintulot ng [Health Net](#).



Tawagan ang Mga Serbisyon Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).



## Di-Medikal na Transportasyon

Magagamit mo ang Di-Medikal na Transportasyon (Non-Medical Transportation, NMT) kapag ikaw ay:

- Patungo o galing sa isang appointment para sa sakop ng [Health Net](#). na serbisyo na itinakda ng iyong tagapagkaloob.

Ang [Health Net](#) ay nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng kotse, taksi, bus, o ibang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong appointment na medikal para sa sakop ng plano na mga serbisyong medikal kabilang ang pagsasauli batay sa milyahe kapag ang transportasyon ay sa isang pribadong sasakyan na inihanda ng benepisyaryo at hindi sa pamamagitan ng isang broker ng transportasyon, mga passes ng bus, mga butser ng taksi o mga tiket ng bus. Ang [Health Net](#) ay nagpapahintulot ng pinakamababang gastos na uring NMT para sa iyong mga pangangailangang medikal na makukuha sa oras ng iyong appointment.

Upang humingi ng mga serbisyo ng NMT, mangyaring tawagan ang [Health Net](#) sa 800-977-7307 nang hindi kukulangin sa **10** araw ng trabaho (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa pinakamaagang panahon na magagawa mo kapag mayroon kang isang apurahan o pang-emerhensiyang appointment. Mangyaring ihanda ang iyong kard ng ID ng miyembro kapag tatawag ka.

### ***Mga Limitasyon ng NMT***

Walang mga limitasyon para sa pagtanggap ng NMT sa o mula sa mga appointment na dental na sakop sa ilalim ng [Health Net](#) kapag ang isang tagapagkaloob ay nagtagubilin nito para sa iyo.

### ***Ano ang Hindi Angkop?***

Ang NMT ay hindi angkop kung:

- Ang isang ambulansiya, litter van, wheelchair van, o ibang anyo ng NEMT ay medikal na kailangan upang makuha ang sakop na serbisyo.
- Ang serbisyo ay hindi sakop ng [Health Net](#). Ang isang listahan ng mga sakop na serbisyo ay nasa loob nitong hanbuk ng miyembro.

### ***Gastos ng Miyembro***

Walang gastos kapag ang transportasyon ay ipinahintulot ng [Health Net](#).

---

## Ang hindi sinasakop ng iyong planong dental

Ang mga serbisyong dental sa labas ng [Los Angeles County](#) ay hindi sakop, maliban kung ginawa bilang isang emerhensiya.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## Sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyong dental na ito, higit sa edad na 21:

- Mga crown na may mataas na noble metal (gold)
- Gingival irrigation
- Mga di-buong pustiso
- Mga pagkonsulta sa espesyalistang dentista
- Orthodontic na paggamot (mga brace)
- Mga laboratory crown sa panlikod na ngipin na hindi sumusuporta at naroon na o paggamot na nakaplanong pustiso
- Mga di-buong pustiso maliban kung may naroon na o paggamot na nakaplanong buong pustiso sa ibang arch
- Mga implant at mga serbisyong kaugnay ng implant maliban kung ang natatanging mga kondisyong medikal ay naroon
- Pirmihang di-buong pustiso (bridge) maliban kung ang natatanging mga kondisyong medikal ay naroon

Kung mayroon kang mga tanong o gustong makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga serbisyong dental, tawagan ang Denti-Cal sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Denti-Cal sa [denti-cal.ca.gov](http://denti-cal.ca.gov).

## Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal

May ilang serbisyo na hindi sasakupin ng Health Net o Medi-Cal, kabilang ang:

- Mga Serbisyo sa mga Bata ng California (California Children's Services, CCS)
- Mga serbisyong hindi dental
- Anumang serbisyong dental na hindi saklaw ng programang Medi-Cal Dental<sup>2</sup>
- Paggamot na sinimulan bago ang pagsakop o pagkaraan ng pagtatapos ng pagsakop ng Plano
- Mga serbisyo, pamamaraan, kasangkapan o pagpapanumbalik na dental upang gamutin ang Temporomandibular Joint Dysfunction (TMJ)
- Mga serbisyong dental na ipinasiyang kosmetiko batay sa propesyonal na pagsusuri
- Mga serbisyong dental na ipinasiyang hindi dental na kailangan batay sa propesyonal na pagsusuri
- Mga pamamaraang isinagawa upang ibalik ang istruktura ng ngipin na nawala mula sa pagkagargas, pagkaagnas, paggiling o pag-clinch ng ngipin



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:8009777307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](https://www.hndental.com). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

- Mga pamamaraan o kasangkapan na ipinagkakaloob ng isang dentista na espesyalista sa mga serbisyong Prosthodontic
- Mga serbisyong dental para sa pagtanggal ng ikatlong molar na ngipin (wisdom teeth) na walang makabuluhang mga tanda ng pagkabulok, hindi maalis na pananakit at impeksyon at/o mga ngipin na hindi nakakahadlang sa pagkasira ng ibang mga ngipin.
- Mga serbisyong dental na magbabago sa paraan na ang mga ngipin ay nagsasama upang kumagat at ngumuya
- Anumang mga serbisyong dental na isinagawa sa labas ng iyong itinalagang tanggapaning dental, maliban kung malinaw na ipinahintulot ng Health Net
- Anumang pangkaraniwang serbisyong dental na isinagawa ng isang dentista o espesyalistang dentista sa isang kapaligiran ng ospital ng panloob/panlabas na pasyente

Basahin ang bawat isa ng mga seksyon sa ibaba upang makakuha ng karagdagang kaalaman. O tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

### ***Mga Serbisyo sa mga Bata ng California (CCS)***

Ang CCS ay isang programa ng Estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may mga partikular na kondisyon ng kalusugan, sakit o hindi gumagaling na mga problemang pangkalusugan at nakatutugon sa mga tuntunin ng programang CCS. Kung ang [If Health Net](#) o ang iyong PCP ay naniniwala na ang iyong anak ay may isang kondisyong CCS, siya ay irerekomenda sa programang CCS.

Ang mga tauhan ng programang CCS ay magpapasiya kung ang iyong anak ay kuwalipikado para sa mga serbisyong CCS. Kung ang iyong anak ay makakukuha ng mga ganitong uri ng pangangalaga, siya ay gagamutin para sa mga kondisyong CCS ng mga tagapagkaloob ng CCS. Ang [Health Net](#) ay patuloy na sasakop sa mga serbisyong walang kinalaman sa kondisyong CCS tulad ng mga pisikal, bakuna at pagtingin sa malusog na bata.

Ang [Health Net](#) ay hindi sumasakop sa pangangalagang ibinibigay ng programang CCS. Para sakupin ng CCS ang mga problemang ito, dapat aprobahan ng CCS ang tagapagkaloob, mga serbisyo at kagamitan.

Ang CCS ay hindi sumasakop sa lahat ng mga problema. Ang CCS ay sumasakop sa karamihan ng mga problema na pisikal na humahadlang o kailangang gamutin sa pamamagitan ng mga gamot, pag-opera o therapy. Ang CCS ay sumasakop sa mga batang may mga problemang tulad ng:

- Mula sa pagkabata na sakit sa puso
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

- Mga problema sa thyroid
- Diyabetis
- Seryosong di-gumagaling na mga problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- May-bingot na labi/ngalangala
- May-bitak na gulugod
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Grupo ng mga karamdaman sa paggalaw
- Mga atakeng hindi makontrol
- Sakit sa kasukasuan
- Pagkasira ng kalamnan
- AIDS
- Matitinding pinasala sa ulo, utak o gulugod
- Matitinding pagkasunog
- Lubhang likong mga ngipin

Ang estado ay nagbabayad para sa mga serbisyong CCS. Kung ang iyong anak ay hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng programang CCS, siya ay patuloy na tatanggap ng medikal na kailangan na pangangalaga mula sa [Health Net](#).

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

---

### Pag-uugnay ng mga benepisyo

Ang [Health Net](#) ay nag-aalay ng mga serbisyo upang tulungan kang iugnay ang iyong mga pangangailangan ng pangangalagang dental nang wala kang babayaran. Kung may mga tanong o inaalala ka tungkol sa iyong pangangalagang dental o sa pangangalagang dental ng iyong anak, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

# 5. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang isang miyembro ng [Health Net](#), ikaw ay may mga partikular na karapatan at responsibilidad. Ang kabanatang ito ay magpapaliwanag ng mga karapatan at responsibilidad na ito. Ang kabanatang ito ay magkakaloob din ng mga paunawang pambatas na ikaw ay may karapatan bilang isang miyembro ng [Health Net](#).

---

## Iyong mga karapatan

Ang mga miyembro ng [Health Net](#) ay may mga sumusunod na karapatan:

- Tratuhan nang may paggalang, isinasaalang-alang ang karapatan sa pagkapribado ng Miyembro at ng pangangailangang panatilihin ang pagkakompidensiyal ng impormasyong medikal at dental ng Miyembro.
- Bigyan ng impormasyon tungkol sa plano at sa mga serbisyo nito, kabilang ang Mga Sakop na Serbisyo.
- Makapili ng isang Dentista ng Pangunahing Pangangalaga na nasa loob ng network ng Plano.
- Upang lumahok sa paggawa ng desisyon tungkol sa kanilang sariling pangangalagang dental, kabilang ang karapatang tanggihan ang paggamot.
- Magsabi ng reklamo tungkol sa Plano o ng pangangalagang natanggap, nang pabigkas o nakasulat.
- Tumanggap ng mga serbisyong pabigkas na pagsasalin para sa kanilang wika.
- Makagamit ng Pederal na Kuwalipikadong mga Sentrong Pangkalusugan, Mga Pasilidad ng Serbisyong Pangkalusugan ng Indiyana, at mga Pang-emerhensiyang Serbisyo sa labas ng network ng Kontratista alinsunod sa pederal na batas.
- Humiling ng isang Pagdinig ng Estado, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga kondisyon na sa ilalim nito ang isang pinabilis na pagdinig ay posible
- Magkaroon ng akses sa, at kung legal na angkop, tumanggap ng mga kopya ng, susugan o itama ang kaniang Rekord na Dental.
- Tanggalin sa pagkakatala kapag hiniling.
- Tumanggap ng nakasulat ng mga materyal na nagbibigay sa Miyembro ng impormasyon sa mga alternatibong anyo (kabilang ang Braille, malalaking letra, at audio na anyo) kapag hiniling at kaagad na angkop sa anyong hiniling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng W & I Code.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o pagganti.
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga nakahandang opsyon at alternatibo sa paggamot, iniharap sa paraang angkop sa kondisyon at kakayahang makaintindi ng Miyembro.
- Upang tumanggap ng isang kopya ng kanyang mga rekord na dental, at humiling na ang mga ito ay susugan o itama, gaya ng tinukoy sa mga pederal na regulasyon.
- Kalayaang gamitin ang mga karapatan nang hindi negatibong nakakaapekto kung paano sila tinatrato ng Kontratista, mga tagapagkaloob, o ng Estado

---

## Iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng [Health Net](#) ay may mga sumusunod na responsibilidad:

- Pagbibigay sa iyong dentista, sa abot ng iyong kaalaman, ng tamang impormasyon tungkol sa iyong kalusugang pisikal at dental
- Pagsasabi sa iyong dentista kung may anumang biglang mga pagbabago sa iyong pisikal at dental na kalusugan
- Pagsasabi sa iyong dentista na naiintindihan mo ang direksiyon ng paggamot at kung ano ang inaasahan sa iyo
- Pananatili sa plano sa paggamot na naiintindihan mo at pinagkasunduan mo at ng iyong dentista
- Pagpapanatili ng iyong mga nakaplanong appointment sa iyong dentista
- Pagsasabi sa iyong dentista kung hindi ka makakarating sa iyong mga nakaplanong appointment
- Iyong mga sariling aksiyon kung tumanggi ka sa paggamot o hindi sumusunod sa plano sa paggamot, mga tagubilin at payo ng iyong dentista
- Pagbabayad ng anumang mga bayad o pera sa iyong tanggapang dental sa pinakamaagang panahon na magagawa
- Pagsunod sa lahat ng mga tuntunin ng tanggapang dental tungkol sa pangangalaga at pagkilos

---

## Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado

Ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan para sa pangangalaga ng pagkakompidensiyal ng mga rekord na dental ay makukuha at ibibigay sa iyo kapag hiniling.

Gaya ng iniaatas ng batas, ang paunawang ito ay tungkol sa iyong mga karapatan, aming mga tungkuling pambatas at mga gawain sa pagkapribado tungkol sa pagkapribado ng Personal na Impormasyong Pangkalusugan (Personal Health Information, PHI). Ang paunawang ito ay nagsasalita rin tungkol sa paraan na maaari naming tipunin, gamitin at



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

isiwalat ang iyong PHI. Dapat nating sundin ang mga utos ng paunawa na kasalukuyang may-bisa. Pinananatili namin ang karapatang gumawa ng mga pagbabago sa paunawang ito sa pana-panahon at gumawa ng binagong paunawa na may bisa para sa lahat ng PHI na pinananatili namin. Matatagpuan mo rin ang aming pinakabagong paunawa ng pagkapribado sa aming website sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

Tawagan ang aming Mga Serbisyong Pangmiyembro sa 800-977-7307 (TTY 711) Lunes hanggang Biyernes para sa isang nakasulat na kopya ng paunawang ito.

---

## **Paunawa tungkol sa mga batas**

Maraming batas na umaaplay sa Hanbuk ng Miyembro na ito. Ang mga batas na ito ay maaaring makaapekto sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na ang mga batas ay hindi kasama o ipinaliwanag sa hanbuk na ito. Ang mga pangunahing batas na umaaplay sa hanbuk na ito ay pang-estado at pederal na mga batas tungkol sa programang Medi-Cal. Ang ibang pederal at pang-estadong mga batas ay maaaring umaplay din.

---

## **Paunawa tungkol sa Medi-Cal bilang isang pinakahuling magsisilbing tagabayad**

Kung minsan may ibang taong dapat magbayad muna para sa mga serbisyong ipinagkakaloob namin sa iyo. Halimbawa, kung ikaw ay mayroon nang abot-kayang segurong pangkalusugan mula sa iyong pinagtatrabahuhan..

Bilang isang miyembro ng Health Net, ikaw ay laging tatanggap ng iyong mga benepisyong ng Medi-Cal. Gayunman, kung ikaw ay sakop sa ilalim ng isang plano o polisa mula sa anumang ibang Planong pangkalusugan, ang pagsakop sa iyo sa ilalim ng planong ito ay isang sekundaryong benepisyong dental..

Ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services) ay may karapatan at responsibilidad upang sumingil para sa sakop na mga serbisyong Medi-Cal kung saan ang Medi-Cal ay hindi ang unang tagabayad.

Ang programang Medi-Cal ay sumusunod sa pang-estado at pederal na mga batas at regulasyon na may kaugnayan sa pananagutang pambatas ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan sa mga benepisyaryo. Gagawin namin ang lahat ng mga makatwirang hakbang upang tiyakin na ang programang Medi-Cal ay ang pinakahuling magsisilbing tagabayad.

---

## **Paunawa ng Hindi Pabor ng Pagpapasiya sa Benepisyo**

Dapat naming gamitin ang porma ng Paunawa ng Hindi Pabor ng Pagpapasiya sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination NABD) upang bigyan ka ng paunawa ng isang pagtangg, pagtatapos, at pag-antala o pagbabago sa mga benepisyo. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang magharap ng isang apela sa aming plano.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](tel:800-977-7307). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

---

## 6. Pag-uulat at paglutas sa mga problema

May dalawang uri ng mga problema na maaaring maranasan mo sa iyong planong dental:

- Ang isang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag may problema ka sa [Health Net](#), o isang tagapagkaloob, o sa pangangalaga o paggamot na dental na natanggap mo mula sa isang tagapagkaloob
- Ang isang **apela** ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon [Health Net](#) na hindi sakupin ang mga serbisyo

Dapat mo munang gamitin ang proseso ng karaingan at apela ng [Health Net](#) upang ipagbigay-alam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Ito ay hindi nag-aalis ng alinman sa iyong mga karapatan at remedyong pambatas. Hindi rin kami magdidiskrimina o kikilos laban sa iyo dahil sa pagrereklamo sa amin. Ang pagsasabi sa amin ng tungkol sa iyong problema ay tutulong sa amin na pahusayin ang pangangalaga para sa lahat ng mga miyembro. Kung ang iyong karaingan ay hindi nalutas, ikaw ay maaaring [magharap ng isang reklamo sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan \(Department of Managed Health Care, DMHC\)](#). Kung hindi ka sumasang-ayon sa resulta ng iyong apela, maaari kang [magharap para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado](#). [Dapat mong kumpletuhin ang lahat ng mga proseso ng apela ng Health Net bago ka makapagharap para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado.](#)

Maaari ka ring humingi ng isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal (Independent Medical Review, IMR) mula [sa DMHC](#). Ang IMR ay isang walang-pinapanigang pagrepaso ng desisyon ng isang planong dental. Ang IMR ay nagpapasiya ng mga pagtatalong kaugnay ng pangangailangang medikal, pagsakop, at pagbabayad para sa mga apurahan at pang-eerhensiyang pangangalaga. Dapat kang mag-aplay para sa isang IMR sa loob ng 6 na buwan pagkatapos magpadala sa iyo ang [Health Net](#) ng nakasulat na desisyon tungkol sa iyong apela.

Kung humingi ka muna ng isang Pagdinig ng Estado, **hindi** ka makahihingi ng isang IMR. Pero kung humingi ka muna ng isang IMR at hindi nasisiyahan sa resulta, makahihingi ka ng isang Pagdinig ng Estado. Makahihingi ka ng tulong mula sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).



Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ay responsable para sa pangangasiwa ng mga planong serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay may karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat munang tawagan mo ang iyong planong pangkalusugan sa **800-977-7307 (TTY:711)** at gamitin ang proseso sa karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago tawagan ang kagawaran. Ang paggamit nitong pamamaraan sa karaingan ay hindi nagbabawal sa anumang posibleng mga karapatan o remedyo ayon sa batas na maaaring magamit mo. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emerhensiya, isang karaingan na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na higit sa 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari mong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Ikaw ay maaari ring karapat-dapat para sa isang Independiyenteng Pagrepasong Medikal, (Independent Medical Review, IMR). Kung ikaw ay karapat-dapat para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magkakaloob ng walang-pinapanigang pagrepaso ng mga desisyong medikal na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsaklaw na pagsubok o nagsisiyasat at mga pagtatalo sa pagbabayad para sa mga pang-emerhensiya o apurahang serbisyong medikal. Ang kagawaran ay mayroon ding isang walang-bayad na numero ng telepono (**1-888-HMO-2219**) at isang linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Web site ng Kagawaran **<http://www.hmohelp.ca.gov>** ay may mga porma para sa reklamo, mga porma ng aplikasyon para sa IMR at mga tagubilin online.

Ang Ombudsman ng Pinamamahalaan ng Medi-Cal na Pangangalaga ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) ng California ay makatutulong din. Ang Ombudsman ay makatutulong sa mga problemang hindi pa nalulutas ng plano; ang mga problema sa pagsapi, pagbabago o pag-alis sa isang plano; at ibang mga problema sa isang pinamamahalaan ng Medi-Cal na planong pangangalaga. Matatawagan mo ang Ombudsman sa **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

Maaari ka ring magharap ng isang karaingan sa opisina sa pagiging karapat-dapat ng iyong county tungkol sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung saan ka maaaring magharap ng karaingan, tumawag sa **800-977-7307 (TTY 711)**.

---

## Mga reklamo

Ang isang reklamo (o karaingan) ay maaaring tungkol sa pangangalagang natatanggap mo mula sa isang tagapagkaloob na kasama sa network. Ang isang reklamo ay maaaring tungkol din sa **Health Net**. Tumingin sa ibaba para sa iba pa tungkol sa mga apela at mga Pagdinig ng Estado. Maaari mong iharap ang iyong reklamo sa iyong PCD o sa **Health Net**.

Maaari kang magharap sa amin ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o koreo. Walang limitasyon sa panahon para magharap ng reklamo.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa **800-977-7307 (TTY 711)**. Narito kami **Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm**. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa **[www.hndental.com](http://www.hndental.com)**.

## 6 | Pag-uulat at paglutas sa mga problema

Upang magharap ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang tanggapan ng PCD o tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Ibigay ang numero ng ID sa iyong planong dental, iyong pangalan, at ang dahilan para sa iyong reklamo.

Upang magharap ng reklamo sa pamamagitan ng koreo, tumawag [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Hilingin na padalhan ka ng isang porma. Kapag natanggap mo ang porma, kumpletuhin ito. Tiyakin na isama ang iyong pangalan, numero ng ID sa iyong planong dental, at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin ang nangyari at paano kami makatutulong sa iyo.

Ipakoreo ang porma sa:

Health Net:  
Appeals & Grievances  
P.O.Box 10348  
Van Nuys, CA 91409

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasampa ng iyong reklamo, makatutulong kami sa iyo. Maaari kaming magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyong pangwika. Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Sa loob ng 5 araw pagkatapos matangga ang iyong reklamo, magpapadala kami sa iyo ng isang liham na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo kung paano namin nilutas ang iyong problema.

Kung gusto mong gumawa kami ng isang mabilis na desisyon dahil ang panahong kailangan upang lutasin ang iyong reklamo ay maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang lubos na gumanap, maaari kang humingi ng isang pinadali (mabilis) na pagsusuri.

Upang humingi ng isang pinadaling pagsusuri, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkaraang matanggap ang iyong reklamo.

---

## Mga apela

Ang apela ay iba sa isang reklamo. Ang isang apela ay isang kahilingan para repasuhin at baguhin ng [Health Net](#) ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa pagsakop ng isang hiniling na serbisyo. Kung magpadala kami sa iyo ng isang Paunawa ng Hindi Pabor ng Pagpapasiya sa Benepisyo (NABD) at hindi ka sumasang-ayon sa kinahitnan, maaari kang magharap ng isang apela, o ang iyong PCD ay maaaring magharap ng isang apela para sa iyo.

Maaari kang magharap ng isang apela sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng koreo. Dapat kang magharap ng isang apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa na natanggap mo ang paunawa.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas sa mga problema

- Upang magharap ng isang apela sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID sa plano, at ang serbisyong inaapela mo.
- Upang magharap ng isang apela sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Hilingin na padalhan ka ng isang porma. Kapag natanggap mo ang porma, kumpletuhin ito. Tiyakin na isama ang iyong pangalan, numero ng ID sa plano, at ang serbisyong inaapela mo.

Ipakoreo ang porma sa:

Health Net:  
Appeals & Grievances  
P.O. Box 10348  
Van Nuys, CA 91409

Kung ang paunawang ipinadala namin sa iyo ay nagsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay ititigil, magagawa mong patuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa panahon ng iyong apela. Upang magawa iyon, ikaw o ang iyong PCD ay dapat humiling ng isang apela sa loob ng 10 araw ng petsa na ipinakoreo sa iyo ang paunawa. Dapat mong sabihin sa amin na gusto mong patuloy na tumanggap ng mga serbisyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghaharap ng iyong apela, makatutulong kami sa iyo. Maaari kaming magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyong pangwika. Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Magpapadala kami sa iyo ng isang liham na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ang iyong reklamo sa loob ng 5 araw. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela.

Kung kailangan mo o ng iyong doktor ng isang mabilis na desisyon dahil ang panahong kailangan upang malutas ang iyong apela ay maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumanap, makahihingi ka ng isang pinadali (mabilis) na pagrepaso. Upang humingi ng isang pinadaling pagrepaso, tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkaraang matanggap ang iyong reklamo.

---

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang isang Pagdinig ng Estado ay isang pakikipagtagpo sa mga tao mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services, DSS) ng California. Ang isang hukom ay tutulong na lutasin ang iyong problema. Makahihingi ka lamang ng isang Pagdinig ng Estado **pagkatapos** mong makumpleto ang isang proseso ng apela sa loob ng [Health Net](#) at ikaw ay hindi pa rin nasisiyahan sa desisyon o kung hindi mo natatanggap ang isang desisyon sa iyong apela pagkaraan ng 30 araw.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas sa mga problema

Makahihingi ka ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o koreo. Dapat kang humingi ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw ng kalendaryo mula sa petsang nasa paunawa na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela. Ang iyong PCD ay makahihingi ng isang Pagdinig ng Estado para sa iyo kung makakuha siya ng pag-aproba mula sa DSS. Tawagan ang DSS upang humingi sa estado na magbigay ng pag-aproba para sa iyong PCD upang humingi ng isang Pagdinig ng Estado.

Kung ang paunawang ipinadala namin sa iyo ay nagsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay ititigil, magagawa mong patuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa panahon ng iyong Pagdinig ng Estado. Upang magawa iyon, ikaw o ang iyong PCD ay dapat humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw ng petsa na ipinakoreo sa iyo ang paunawa. Dapat mong sabihin sa amin na gusto mong patuloy na tumanggap ng mga serbisyo.

Upang humingi ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang Yunit ng Pamublikong Pagtugon ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan (DSS) ng California sa **1-800-952-5253**. (TTD **1-800-952-8349**).

Upang humingi ng isang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng koreo, kumpletuhin ang pormang ibinigay sa iyo kasama ng paunawa ng paglutas ng iyong mga apela. Ipadala ito:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng Pagdinig ng Estado, makatutulong kami sa iyo. Maaari kaming magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyong pangwika. Tumawag sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)).

Sa pagdinig, ibibigay mo ang iyong panig. Ibibigay namin ang aming panig. Maaaring umabot ng 90 araw para makapagpasiya ang hukom sa iyong kaso.

Kung gusto mong gumawa kami ng isang mabilis na desisyon dahil ang panahong kailangan upang magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang lubos na gumanap, ikaw o ang iyong PCD ay maaaring sumulat sa DSS. Maaari kang humingi ng isang pinadali (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Ang DSS ay dapat gumawa ng desisyon nang hindi mas huli kaysa 3 araw ng trabaho pagkatapos nitong matanggap ang iyong kahilingan.

Kung sumailalim ka na sa isang Pagdinig ng Estado, ikaw ay **hindi** makahihingi ng IMR. Pero, kung humingi ka muna ng isang IMR at hindi nasisiyahan sa resulta, makahihingi ka pa rin ng isang Pagdinig ng Estado.

---

## Pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso

Kung naghihinala ka na ang isang tagapagkaloob o isang taong tumatanggap ng Medi-Cal ay nakagawa ng pandaraya, pag-aaksaya o pag-abuso, karapatan at responsibilidad mo na iulat ito.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami **Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm**. Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas sa mga problema

Sa pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso ng tagapagkaloob ay kabilang ang:

- Pagpapalit ng mga rekord na dental
- Pagreseta ng gamot na higit sa medikal na kailangan
- Pagbibigay ng serbisyong pangangalagang dental na higit sa medikal na kailangan
- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga propesyonal na serbisyo gayong ang propesyonal ay hindi gumawa ng serbisyo.

Sa pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso ng isang taong tumatanggap ng mga benepisyo ay kabilang ang:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay ng isang kard ng ID sa planong dental o Kard ng Identipikasyon para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng magkatulad o magkaparehong paggamot o gamot mula sa higit sa isang tagapagkaloob
- Pagpunta sa isang silid ng emerhensiya kapag hindi ito isang emerhensiya
- Paggamit ng numero ng Social Security o numero ng ID sa planong dental ng ibang tao

Upang mag-ulat ng pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso, isulat ang pangalan, tirahan at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya o pag-abuso. Magbigay ng pinakaraming impormasyon na makakayang mo tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o ang espesyalidad kung ito ay isang tagapagkaloob. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at isang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Health Net  
Quality Management Department  
P.O. Box 26110  
Santa Ana, CA 92799-6110  
Telepono: 800-977-7307

O tumawag sa aming 24-na-Oras na Nakahandang Linya sa Pandaraya, Pag-aaksaya at Pag-abuso sa 1-800-977-3565.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

# 7. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

## Mahahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyong Pangmiyembro ng [Health Net](#) 800-977-7307 (TTY 711)
- Mga Benepisyaryo ng Denti-Cal 800-322-6384 (TTY 800-735-2922)
- Sentro ng Tulong ng DMHC 888-466-2219
- Mga Mapipiling Pangangalagang Pangkalusugan – Pinamamahalaan ng Medi-Cal na Pangangalaga 800-430-4263
- Health Consumer Alliance 888-804-3536
- Pagiging Karapat-dapat sa Medi-Cal 916-552-9200
- Makatarungang Pagdinig sa Medi-Cal 800-952-5253 (TTY 800-952-8349)
- Pinamamahalaan ng Medi-Cal na Pangangalaga 916-449-2000
- Medi-Cal Ombudsman 888-452-8609

## Mga salitang dapat malaman

**Apela:** Isang pormal na kahilingan na pinarerepaso sa Health Net ang mga ipinagkait na serbisyo para sa paggamot na ipinagkakaloob. Ang isang apela ay maaaring iharap ng iyong dentista.

**Angkop:** Angkop sa, o tumutukoy sa pagkakaroon ng epekto sa isang tao o bagay.

**Awtorisasyon:** Tingnan ang Nauunang Awtorisasyon.

**Pagsingil ng Balanse:** Pagsingil sa isang pasyente para sa diperensiya sa pagitan ng aktuwal na singil ng dentista at sa halagang ibinayad ng Health Net. Maliban sa mga copayment at Kabahagi sa Gastos, ang pagsingil ng balanse ay hindi ipinahihintulot para sa mga sakop na serbisyo.

**Benepisyaryo:** Isang taong karapat-dapat sa mga benepisyong Medi-Cal.



Tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa [800-977-7307](tel:800-977-7307) (TTY [711](tel:711)). Narito kami [Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm](#). Ang tawag ay libre. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bisitahin kami online sa [www.hndental.com](http://www.hndental.com).

**Kard ng Identipikasyon ng Benepisyaryo (Beneficiary Identification Card, BIC):**

Ang kard ng identipikasyon na ipinagkakaloob sa mga benepisyaryo ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan. Kabilang sa BIC ang numero ng benepisyaryo at ibang mahalagang impormasyon.

**Mga benepisyo:** Ang medikal na kailangan na mga serbisyong dental na ipinagkakaloob ng isang dentista ng Health Net na makukuha sa pamamagitan ng programang Medi-Cal Dental.

**Programang mga Serbisyo sa mga Bata ng California (CCS):** Isang programang pampublikong kalusugan na nagkakaloob ng natatanging mga serbisyong pagsusuri, paggamot, at therapy sa mga karapat-dapat na bata na wala pa sa edad na 21 taon na may karapat-dapat sa CCS na mga kondisyon gaya ng nilinaw ng mga regulasyon ng estado.

**Mga Cary:** Isa pang katawagan para sa pagkabulok ng ngipin o mga cavity.

**Mga Serbisyo ng Programang Pangkalusugan at Panghadlang sa Kapansanan ng Bata (Child Health and Disability Prevention, CHDP):** Ang mga panghadlang na serbisyong pangangalagang pangkalusugan para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang na ipinagkakaloob sa ilalim ng batas at mga regulasyon ng estado.

**Pangklinikang Pagsusuri:** Isang pagsusuri ng isang dentista upang magkaloob ng opinyon tungkol sa kaangkupan ng paggamot na iminungkahi o ipinagkakaloob ng ibang dentista ng Health Net. Ang Health Net ay maaaring mag-atas ng isang pangklinikang pagsusuri sa ilalim ng mga partkular na kalagayan.

**Reklamo:** Isang pabigkas o nakasulat na pahayag ng kawalan ng kasiyahan kabilang ang anumang hindi pinagkakasunduan, paghiling ng muling pagsasaalang-alang, o apela na ginawa mo, ng iyong dentista sa ngalan mo. Ang isang reklamo ay maaaring gawin din ng iyong kinatawan.

**Copayment:** Ang isang maliit na bahagi ng bayad sa dentista na binabayaran ng benepisyaryo.

**Mga Sakop na Serbisyo:** Ang set ng mga pamamaraang dental na mga benepisyo ng Health Plan. Ang Health Net ay magbabayad lamang para sa medikal na kailangan na mga serbisyo na ipinagkakaloob ng isang dentista ng Health Net na mga benepisyo ng programang dental ng Medi-Cal.

**Espesyalistang Dental:** Isang dentistang nagkakaloob ng pangangalaga ng espesyalista na tulad ng endodontics, pag-opera ng bibig, dentistriya ng bata, periodontics, at orthodontics (mga brace).

**Dentista ng Denti-Cal:** Isang dentista na inaprobahang magkaloob ng mga sakop na serbisyo sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Programang Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment, EPSDT):** Isang pederal na programa na nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata sa pamamagitan ng pana-panahong mga serbisyong pagsusuri, diyagnostiko at paggamot. Ang pangangalagang dental ay kasama sa programang EPSDT.



**Pagiging Karapat-dapat:** Tumutukoy sa pagtugon sa mga iniaatas upang makatanggap ng mga benepisyong Medi-Cal.

**Pang-emerhensiyang Pangangalaga:** Ang isang pagsusuring dental at/o pagtaya ng isang dentista ng Health Net o espesyalistang dental upang malaman kung ang may isang pang-emerhensiyang kondisyong dental, at upang magkaloob ng pangangalaga upang gamutin ang anumang mga sintomas ng emerhensiya sa loob ng kakayahan ng pasilidad at sa loob ng propesyonal na kinikilalang mga pamantayan ng pangangalaga.

**Emerhensiyang Kondisyong Dental:** Isang kondisyong dental na kung walang agad na atensiyon ay makatwirang maaasahan na magresulta sa paglalagay sa panganib sa kalusugan ng indibidwal, magdudulot na matinding pananakit o paghina ng pagganap.

**Endodontist:** Isang espesyalistang dental na inililimita ang kanyang gawain sa paggamot sa sakit at mga pinsala ng pulp at root ng ngipin.

**Hindi Kasama:** Tumutukoy sa anumang pamamaraan o serbisyong dental na hindi makukuha sa ilalim ng programang dental ng Medi-Cal.

**Karaingan:** Tingnan ang Reklamo.

**Identipikasyon:** Tumutukoy sa isang bagay na nagpapatunay kung sino ang tao, tulad ng isang lisensiya sa pagmamaneho.

**Mga limitasyon:** Tumutukoy sa bilang ng mga serbisyong ipinahihintulot, uri ng serbisyong ipinahihintulot, at/o ang pinakaabot-kayang angkop na serbisyong dental.

**Medikal na Kailangan:** Mga sakop na serbisyo na kailangan at angkop para sa paggamot ng mga ngipin, gilagid, at mga sumusuportang istruktura at (a) ipinagkakaloob alinsunod sa propesyonal na kinikilalang mga pamantayan ng gawain; (b) ipinapasiya ng gumagamot na dentista na kaayon ng kondisyong dental; at (c) ang pinakaangkop na uri at antas ng serbisyo batay sa mga posibleng panganib, mga benepisyong, at mga sakop na serbisyo na mga alternatibo.

**Di-Sakop na Serbisyo:** Isang pamamaraan o serbisyong dental na hindi isang sakop na benepisyong.

**Di-Kalahok na Dentista:** Isang dentistang hindi awtorisadong magkaloob ng mga serbisyo sa mga benepisyaryong karapat-dapat sa Medi-Cal.

**Paunawa ng Awtorisasyon (Notice of Authorization, NOA):** Isang likha-ng-computer na anyong ipinadadala sa mga dentista bilang tugon sa kanilang kahilingan para sa awtorisasyon ng mga serbisyo. (Tingnan ang Paghiling ng Awtorisasyon sa Paggamot.)

**Ibang Pagsakop na Pangkalusugan / Ibang Segurong Pangkalusugan:** Pagsakop para sa mga serbisyong may dental na kaugnayan na maaari mong makuha sa ilalim ng anumang pribadong planong dental, anumang programang seguro, anumang ibang pang-estado o pederal na programang pangangalagang dental, o sa ilalim ng ibang karapatang pangkontrata o pambatas.

**Siruhano ng Bibig:** Isang espesyalistang dental na inililimita ang kanyang gawain sa pagsusuri at pag-operang paggamot ng mga sakit, pinsala, depormidad, depekto at anyo ng bibig, panga at mukha.





**Orthodontist:** Isang espesyalistang dental na inililimita ang kanyang gawain sa paghadlang at paggamot ng mga problema sa paraan na ang itaas at ibabang ngipin ay nagtutugma sa pagkagat o pagnguya.

**Labas-ng-network na tagapagkaloob:** Isang tagapagkaloob na hindi bahagi ng network ng Health Net.

**Pampatighaw na Pangangalaga:** Paggamot na nagpapatighaw ng pananakit pero hindi inaayos ang problemang nagdudulot ng pananakit, o nagkaloob lamang ng pansamantalang pag-aayos.

**Kalahok na Tagapagkaloob na Dental:** Isang tagapagkaloob na nakatala sa programang Medi-Cal Dental na nagkaloob na mga serbisyong dental sa miyembro ng Plano.

**Dentista ng mga Bata:** Isang espesyalistang dental na inililimita ang kanyang gawain sa paggamot ng mga bata mula sa pagsilang hanggang sa pagiging adolescente, nagkaloob ng pangunahin at buong paggamot na panghadlang na pangangalaga.

**Periodontist:** Isang espesyalistang dental na inililimita ang kanyang gawain sa paggamot ng mga sakit ng giligid at tisyu sa paligid ng mga ngipin.

**Premium:** Ang halaga ng pera na dapat bayaran ng isang tao bawat buwan para sa pagsakop na dental. Ang mga miyembro ng plano ay hindi kailangang magbayad ng premium o hulog.

**Nauunang Awtorisasyon:** Isang kahilingan ng isang dentista ng Health Net upang aprobahan ang mga serbisyo bago gawin ang mga ito. Ang mga dentista ay tumatanggap ng isang Paunawa ng Awtorisasyon (Notice of Authorization, NOA) mula sa Health Net para sa mga inaprobahang serbisyo.

**Kodigo sa Pamamaraan:** Isang kodigo ng numero na tumutukoy sa isang ispesipikong serbisyong medikal o dental.

**Prosthodontist:** Isang espesyalistang dental na inililimita ang kanyang gawain sa pagpapalit ng nawalang mga ngipin sa pamamagitan ng mga pustiso, bridge o ibang mga pamalit.

**Tagapagkaloob:** Isang indibidwal na dentista, Nakarehistrong Tagalinis na Dental sa isang Alternatibong Gawain (Registered Dental Hygienist in an Alternative Practice, RDHAP), grupong dental, paaralang dental o klinikang dental na nakatala sa programang dental ng Medi-Cal upag magkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at/o mga serbisyong dental sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Direktoryo ng Tagapagkaloob:** Isang listahan ng lahat ng mga tagapagkaloob sa network ng [Health Net](#).

**Pagrekomenda:** Kapag sinabi ng iyong PCD na makatatanggap ka ng pangangalaga mula sa ibang tagapagkaloob. Ang ilang sakop na pangangalaga at mga serbisyo ay nangangailangan ng isang pagrekomenda at nauuang pag-aproba.

**Mga iniaatas:** Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o mga tuntunin na dapat mong malaman.



**Responsibilidad:** Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o inaasahang gawin.

**Lugar ng serbisyo:** Ang heograpikong lugar ng pinaglilingkuran ng [Health Net](#). Kabilang dito ang mga county ng Los Angeles.

**Kabahagi sa Gastos:** Ang bahagi ng mga gastos na dental na dapat bayaran o ipangakong bayaran ng isang benepisyaryo bago magawa ang anumang mga pagbabayad ng Medi-Cal para sa buwang iyon.

**Pirma:** Tumutukoy sa iyong pangalan na isinulat sa iyong sulat-kamay.

**Pagdinig ng Estado:** Ang Pagdinig ng Estado ay isang prosesong pambatas na nagpapahintulot sa mga benepisyaryo na humiling ng muling pagtaya ng anumang ipinagkait o binagong Paghiling ng Awtorisasyon sa Paggamot (Treatment Authorization Request, TAR). Ito ay nagpapahintulot din sa isang benepisyaryo o dentista na humiling ng isang muling pagtaya ng isang kaso sa pagbabalik ng ibinayad.

**Paghiling ng Awtorisasyon sa Paggamot (Treatment Authorization Request, TAR):** Isang kahilingan na isinumite ng isang dentista ng Health Net para sa pag-aproba ng partikular na mga sakop na serbisyo bago makapagsimula ang paggamot. Ang isang TAR ay iniaatas para sa mga partikular na serbisyo at sa ilalim ng mga natatanging kalagayan.

**Porma ng TAR/Claim:** Ang pormang ginagamit ng isang dentista kapag humihiling ng awtorisasyon upang gawin ang isang serbisyo o tumanggap ng bayad para sa isang nakumpletong serbisyo.

